

Ang mga Sentro ng Pagbawi sa Sakuna sa Maywood at Harvey ay Permanenteng Magsasara

Release Date: October 25, 2023

CHICAGO – Ang mga Disaster Recovery Center (DRC o Sentro ng Pagbawi sa Sakuna) sa Maywood at Harvey ay permanenteng magsasara ng kanilang pinto sa katapusan nitong linggo. Ang mga residente ng Cook County na nagtamo ng pagkawala sa panahon ng bagyo at pagbaha noong Hunyo 29 – Hulyo 2 at nangangailangan pa rin ng tulong sa personal ay makakahanap ng ibang sentro sa [Tagahanap ng Pagbawi sa Sakuna ng FEMA](#).

Ang sentro ng Maywood na matatagpuan sa loob ng Sentro ng Libangan ng Lightford, 809 Kalye ng Madison, Maywood, ay bukas mula 8:30 n.u. hanggang 5:00 n.h. Lunes hanggang Biyernes hanggang **magsasara ito ngayong Biyernes, Oktubre 27 ng 5 n.h.**

Ang sentro ng Harvey na matatagpuan sa Mataas na Paaralan ng Bayan ng Thornton, Gusali T107, 249 Silangang Kalye ng ika-151, sa Harvey, ay bukas mula 8 n.u. hanggang 5 n.h. Lunes hanggang Sabado hanggang permanente itong **magsasara ngayong Sabado, Oktubre 28 ng 5 n.h.**

Ang mga Sentro ng Pagbawi ay hindi lamang ang paraan upang makakuha ng tulong mula sa FEMA. Ang Linya ng Tulong ng FEMA, **800-621-3362**, ay may tauhan ng multilinggwal na operator na handang tumulong sa mga nakaligtas sa pagrerehistro at iba pang katanungan na mayroon sila. Ang mga nakaligtas ay maaari ring gumamit ng [Disasterassistance.gov](https://www.fema.gov/disaster) o ang App ng FEMA sa kanilang mga telepono.

Para sa karagdagang impormasyon tungkol sa mga pagsisikap sa pagbawi sa sakuna sa Illinois, bisitahin ang www.fema.gov/disaster/4728. Ang huling araw para magrehistro sa FEMA ay **Oktubre 30, 2023**.

###



FEMA

Page 1 of 2

Ang tulong sa pagkabawi mula sa sakuna ay magagamit nang walang pagsasaalang-alang sa lahi, kulay, relihiyon, nasyonalidad, kasarian, edad, kapansanan, kasanayan sa Ingles, o pang-ekonomiyang katayuan. Ang makatwirang akomodasyon, kabilang ang pagsasalin ng wika at tagapagsalin ng American Sign Language (wikang pasenyas ng Amerika) gamit ang Serbisyong Relay ng Bidyo ay magagamit upang masigurado ang epektibong komunikasyon sa mga aplikanteng may limitasyon sa kasanayan sa Ingles, kapansanan, daanan at functional na pangangailangan. Kung ikaw o ang isang kakilala mo ay may diskriminasyon, tumawag sa FEMA nang libreng-toll sa 800-621-3362 (kabilang ang 711 o Relay ng Bidyo).



FEMA

Page 2 of 2